# Politika ng Disenyo, Disenyo ng Politika sa Teksbuk ng Filipino 8 ng K-12 Kurikulum

**Carlo C. Pineda**

Itinuturing ang teksbuk bilang kultural na dokumento ng tunggalian at kompromiso ng mga panlabas na puwersang sumasala sa mga kaalamang itinuturo sa loob ng silid-aralan. Layunin ng pag-aaral na palitawin ang politika sa likod ng mekanismo ng produksiyon ng kaalaman at kamalayan sa pagkakadisenyo ng teksbuk. Gamit ang pagsusuri sa estruktura, nilalaman, at ekspektasyon na hinalaw sa modelo ng pagsusuri ng teksbuk ni Lisa O'keeffe (2012), natukoy ang mga paraan ng pagsasala ng kaalaman at kasanayang nakapaloob sa nag-iisang teksbuk ng Filipino 8 ng Department of Education na inilabas noong 2013 sa ilalim ng K to 12 Kurikulum. Lumabas sa pagsusuri na nagkaroon ng sariling direksiyon ang kurikulum sa daloy ng aralin. Sa kabila nito, nakitang may pagkukulang sa paggamit ng ilang elementong biswal. Kuwestiyonable rin ang pagkakalatag ng naratibong pangkasaysayang bumubura sa gampanin ng katutubo at pakikibaka sa pagbuo ng pambansang pagkakakilanlan. Maliban pa rito, lumilitaw ding nabibigyan ng pribilehiyo ang mga mag-aaral na may higit na nalalaman at akses sa mga kagamitan at resource sa mga gawain. Lumilitaw ang malaking puwang sa pagitan ng mga uri sa sistema ng pagkatuto. Nakasandig ang disenyo ng politika sa sistemang lumalayo sa layuning mabuo ang pambansang kamalayan ng mga mag-aaral.

***Keywords:*** Filipino, Teksbuk, Kapangyarihan, Kaalaman, Wika, Panitikan, K-12

## Introduksiyon

Mahalaga ang ginagampanan ng teksbuk sa sistema ng edukasyon. Ito ang nagsisilbing pangunahing kagamitan sa pagkatuto ng mga mag-aaral at nagsisilbing gabay sa mga guro kung paano maaaring ituro ang aralin dahil nilikha ito batay sa interpretasyon ng kurikulum. Ayon kay Peter Smith (2005) at Valverde et al. (2002), maituturing ang teksbuk na awtoridad pagdating sa pagkatuto ng mga impormasyon; at bahagi ng proseso ng paghubog ng pag-uugali, pananaw, at kamalayan ng mga gagamit nito. Nagagamit ito bilang instrumento sa pagmumulat sa iba't ibang adbokasiya at usaping panlipunan.

Karaniwang tinitingnan sa mga pag-aaral kaugnay ng ideolohikal na hubog ang mga nilalamang may kinalaman sa kasaysayan, kasarian, etnisidad at iba pang salik ng identidad. Pinalilitaw na may hubog ang paraan ng pagkakalahad ng impormasyon at nabibigyan ng pribilehiyo ang ilang kaalamang makikita sa teksbuk. Para kay Michael Apple (1990, 2017), sa ganitong paraan ng pagdiskurso napalilitaw ang usapin ng kapangyarihan sa produksiyon ng kaalaman. Sa proseso ng pamimili ng paksang pagtutuunan ng pansin, nakapagtatakda ng mga kaalamang lehitimo at opisyal, at naisasantabi o natatanggalan ng halaga ang mga hindi naisama, o nabanggit lamang sa naratibo. Ang mga sinuring teksbuk nina Gealogo (2007), Almonte (2003), at Mulder (1990) ay nagpapakita ng kolonyal na hubog ng pagtalakay sa pagkakilanlan at kasaysayan dahil sa paraan ng pamimili ng paksang pagtutuunan ng pansin at pagkakalahad ng mga ito. Samantalang ang mga pag-aaral nina Magahis (2019) at Nadora (2017) ay nagpapakita ng mahinang pundasyon ng kamalayang pambansa sa asignaturang Filipino dahil sa naging hubog ng kurikulum at nilalaman ng teksbuk.

Habang magandang simula sa pagdiskurso sa usapin ng politika sa likod ng produksiyon ng kaalaman sa kurikulum at teksbuk ang mga nabanggit na pag-aaral, nakatuon lamang ang karamihan sa mga ito sa nilalaman ng bawat aralin o sa tekstong ipinababasa sa mga mag-aaral. Hindi gaanong nababanggit ang pedagohikal na salik na may malaking gampanin sa paghubog ng kamalayan ng mga mag-aaral. Taglay ng teksbuk sa Pilipinas ang mga gawaing nagsisilbing gabay sa pagkatuto na bahagi rin ng pagbuo ng kahulugan at pagpapahalaga sa mga kaalamang inilatag. Makikita rito ang mekanismo ng kontrol sa produksiyon ng kaalaman, at mababakas kung paano sinasanay ang mga mag-aaral sa pagbuo ng kahulugan. Sa madaling sabi, makikita sa disenyo ng pagkatuto ang politikang pinaiiral sa produksiyon ng kaalaman.

Sinuri sa pag-aaral ang teksbuk ng Filipino 8, *Panitikang Filipino, Filipino: Modyul para sa Mag-aaral,* na ipinamahagi noong 2013. Ito ang teksbuk na ginamit sa implementasyon ng kurikulum ng K-12 sa Grado 8 mula 2013. Ayon sa ulat ng Departmento ng Edukasyon sa implementasyon ng K-12, nakamit ng kagawaran ang 1:1 ratio ng teksbuk mula 2012 hanggang 2014 (Official Gazette, n.d.). Dagdag pa rito, iniulat ng Second Congressional Commission on Education (2024) na isa ang textbook sa Filipino sa matagumpay na na-procure mula 2012 hanggang 2023 (p. 84). Nangangahulugang ginamit ng malaking bilang ng mag-aaral ang teksbuk sa buong bansa. Noong 2016, nagkaroon ng pag-update ng kurikulum ngunit dahil hindi gaanong nabago ang kurikulum sa Filipino 8, patuloy na ginamit ang nasabing teksbuk hanggang 2019 bago ang produksiyon ng *self-learning module* sa kasagsagan ng pandemiya noong 2020. Naging konsiderasyon din ang tema ng itinuturo sa Grado 8 sa pagpili ng susuriing teksbuk dahil ito ang huling gradong nakatuon sa pagtuturo ng mga panitikang lokal ng Pilipinas at paghubog ng pambansang pagkakakilanlan.

Layunin ng pag-aaral na mapalabas ang ideolohikal na hubog ng disenyo ng pagkatutong makikita sa tatlong salik ng teksbuk: ang pisikal na estruktura, ang hubog ng paglalatag ng nilalaman ng bawat aralin, at ang natatagong kahingian at palagay (*assumption)* sa mga gawaing ginamit upang maproseso ang aralin partikular ang mga tekstong binasa. Sinagot sa pag-aaral ang sumusunod na tanong:

- Paano inihahain ng pisikal na itsura at estruktural na daloy ng nilalaman ng teksbuk ang pagsusuri sa panitikan, at produksiyon ng kaaalaman?
- Paano hinubog ng mga naratibo at mga gabay sa pagkatuto sa teksbuk ang impormasyong pangkasaysayan tungo sa pagbuo ng pambansang identidad?
- Ano-ano ang limitasyong nililikha ng mga gawain sa pagsusuri ng teksto at pagpapadaloy ng pagkatuto sa modelo ng pagtuturo ng Filipino sa teksbuk?

Lumabas sa pag-aaral na hindi pa rin naaalis ang kolonyal na naratibo at pagtingin sa pambansang identidad lalo sa mga impormasyong inilatag tungkol sa kasaysayan at imaheng ginamit sa akda. Nagkaroon ng limitasyon sa paggamit ng teksbuk. May mga kahingian din ang ilang gawain na maaaring hindi taglay ng mga mag-aaral na gagamit nito.

Magsisimula ang pagsusuri sa kurikulum na susundan ng pagsusuri sa tatlong mahahalagang aspekto: ang pisikal na estruktura ng teksbuk, ang nilalamang pangkasaysayan, at ang mga inaasahan sa mga gawain sa teksbuk.

**Rebyu ng Kaugnay na Pag-aaral:**
**Ang Kontrol ng Kaalaman sa Edukasyon**

Higit pa sa sikolohiya ng pagkatuto, malaki rin ang ginagampanan ng pagkontrol sa produksiyon ng kaalaman sa dinamikong sistemang umiiral sa edukasyon. Maiuugat ang mga konseptong ito sa paniniwalang ang edukasyon ay maaaring gamitin bilang instrumento ng paghulma ng kamalayan ng mga mag-aaral. Ayon kay Antonio Gramsci (1971), sa paaralan nagsisimulang hubugin ang mga intelektuwal na siyang nagiging susi upang mapalaganap ang isang ideya o paniniwala ng isang grupo (p. 10). Umaayon ito sa *banking* na nangyayari sa sistema ng edukasyon kung saan itinuturing ang mga mag-aaral bilang mga tagatanggap lamang ng kaalaman (Freire, 1984, pp. 57-74). Sinusugan ni Giroux (1987) ang ideyang ito at ginamit sa pagsusuri sa literasi. Ayon sa kanya, hindi sapat na marunong lamang magbasa, magsulat, at magkuwenta ang mga mag-aaral para maging kapaki-pakinabang sa komunidad (functional na literasi), bagkus dapat din marunong silang sumuri, kumuwestiyon, at kumilos para sa pagsusulong ng panlipunang pagbabago.

Sa kasalukuyang panahon, patuloy na umiiral ang sistema ng pagkontrol sa pamamagitan ng isang mekanismo ng pagsasala ng kaalamang itinuturo sa mga mag-aaral na tinawag na *selective tradition* (Apple, 2017, pp. 81-82). Nagsisimula ang mekanismong ito sa proseso ng pagbuo ng kurikulum at patuloy na umiiral hanggang sa paglikha ng teksbuk sa pamamagitan ng pagsasala ng mga isinasaling impormasyon ng mga patagong puwersa ng estado at merkado. Hindi mga fact ang makikita sa mga teksbuk kundi mga impormasyong bunga ng kompromiso, tunggalian, at salaan ng mga politikal, ekonomiko, at kultural na puwersang kumokontrol sa sistema ng edukasyon. Nagreresulta ang ganitong proseso ng pagtatakda ng mga opisyal na kaalaman (official knowledge) at pag-aantas ng kaalaman kung saan may mga naituturing na high-status knowledge (Young, 1971, pp. 35-38).

Ang pagsusuri sa paraan ng pagkakasala ng mga kaalamang inilalatag sa mga kagamitang pampagkatuto ay manipestasyon ng kontrol ng mga dominanteng puwersa sa loob ng sistema ng edukasyon. Sa mahabang kasaysayan ng Pilipinas, naging isang makapangyarihang instrumento ang edukasyon upang makuha ang loob at mahubog ang kamalayan at pag-uugali ng mga tao. Magandang halimbawa nito ang paggamit ng *Ang Pagsusulatan nang Dalauang Binibini na si Urbana at ni Feliza* ni Presbitero D. Modesto de Castro bilang pagsusulong ng moral vigilance sa mga Pilipino na hanggang noong 1940s ay patuloy pa ring ginagamit sa mga pampublikong paaralan (Baquiran, 2005, pp. xi-xiii; Mojares, 1983, p. 81). Nariyan din ang manipulasyon sa mga kagamitang panturo upang unti-unting maipasok sa kultura at kamalayan ng mga

Pilipino ang mga paniniwala, identidad, at pagtingin ng mga dayuhang mananakop (Jose, 1992; Navarro, 2007; Schueller, 2021). Samakatuwid, ang pagkontrol sa kaalaman na itinuturo sa mga paaralan ay pagkontrol sa paghubog ng kamalayan, identidad, at isipan ng mamamayan nito.

Maliban sa epekto sa kamalayan at produksiyon ng kultura, nakokontrol din sa pamamagitan ng produksiyon ng kaalaman ang konsepto ng litereyt. Dinekonstrak ni Freire at Macedo (1987) ang literasi at tinitingnan ito bilang isang *construct* na binubuo ng iba't ibang kasanayan na maaaring magbigay o magtanggal ng kapangyarihan sa mamamayan. Wika niya, "[It may serve] to reproduce existing social formations or serves as a set of cultural practices that promotes democratic and emancipatory change" (Freire at Macedo, 1987, p. 141). Kailangan maging kritikal sa pagsusuri ng sistema ng edukasyon lalo na sa produksiyon ng kaalaman. Maaaring kontrolado ng mga dominanteng grupo na naglalayong panatilihin ang kapangyarihan sa kanilang panig. Sa Estados Unidos, natukoy ang pagsusulong ng *conservative modernization* ng mga dominanteng pangkat upang umayon sa kanilang paniniwala at kamalayan. Binubuo ang mga grupong ito ng mga neoliberal, neokonserbatibo, authoritarian populist, at ilang mga aktibong propesyonal mula sa gitnang uri ng lipunan (Apple, 2011).

Sa mga pagsusuri sa teksbuk, makikita kung paano sinubukang manipulahin ang kaalaman lalo na sa mga araling may kinalaman sa kasaysayan. Halimbawa, nagkaroon ang mga libro sa Russia ng negatibong pagbabago sa nilalaman at hubog ng naratibo tungkol sa komunismo nang bumagsak ang rehimen nito (Lisovskaya & Karpov, 1999). Nang tiningnan naman ang mga impormasyon tungkol sa 9/11 bombing sa Amerika, nakitang may malaking epekto sa kritikal na pagtingin at pag-unawa ng mga mag-aaral ang hubog ng mga naratibo sa teksbuk (Romanowski, 2009, pp. 291-292). Nakita rin sa mga pag-aaral nina Almonte (2003), Gealogo (2007), Mulder (1990), Magahis (2019), at Nadora (2017) ang hilaw na paghubog ng ating pambansang identidad sa mga nagdaang kurikulum sa Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapahalaga na sumasalungat sa layunin nitong dapat mahubog at mapatatag sa mga mag-aaral. Sa kasalukuyan, mababakas din ang pagbabago sa naratibo ng kasaysayan sa pamamagitan ng pagbabago sa mga terminong ginagamit sa pagtukoy sa mahahalagang yugto ng kasaysayan. Isang halimbawa nito ang paglalabas ng mandato ng Departamento ng Edukasyon ng memorandum na nag-uutos na palitan ang pangalan ng araling "Diktadurang Marcos" ng "Diktadura" (Cayabyab, 2023; Ombay, 2023). Manipestasyon ang mga ito ng pagpapalaganap ng kolonyal na pag-iisip at pag-ayon ng produksiyon sa kaalaman ng mga makapangyarihang puwersa sa lipunan.

Maliban pa rito, inilahad sa teorya ng coding ni Basil Bernstein (1975) na ang paraan ng pamimili, pag-uuri, pamamahagi, paglilipat at pagtatasa ng kaalaman ay repleksiyon ng distribusyon ng kapangyarihan at ng prinsipyo ng social control na nangyayari sa lipunan (p. 77). Ipinaliwanag niyang maaaring gamitin ang pagkontrol sa kaalaman upang matukoy kung sino ang nabibilang at di nabibilang sa proseso ng pagpapangkat. Ang paraan ng pagtuturo ay nakasandig pa rin sa ideolohiya ng mga uri dahil habang patungo sa mas abstraktong hubog ang mga kaalaman at mas nakikita ang pedagohiya, mas umaayon ang sistema ng edukasyon sa mga gitnang uri at nadedehado ang batang nagmumula sa pamilya ng uring manggagawa na mas nauunawaan ang mga konsepto at araling mas malapit sa kanilang konteksto (Bernstein, 2011, pp. 118-123). Hindi lamang mga impormasyon sa aralin ang saklaw nito. Kasama rin dito ang mga values o pag-uugali na inaasahan mula sa mga mag-aaral. Lumalabas sa pag-aaral ni Jean Anyon (2017) na ang paraan ng pagtuturo ay nag-iiba depende sa social class na tinuturuan ng partikular na institusyon. Mas mekanikal at pagsunod sa panuto ang tuon ng mga paaralang nagtuturo sa mga uring manggagawa,

ngunit mas nagkakaroon ng malayang pag-iisip at kritikal na pagsusuri sa panlipunang gampanin ang mga institusyong nagtuturo sa mga estudyanteng nabibilang sa pamilyang elite.

Mahalagang masuri sa kritikal na lente ang daloy, saklaw, at lalim ng kaalaman na itinuturo sa loob ng sistema ng edukasyon upang mabatid ang mga natatagong puwersang kumokontrol sa kamalayang panlipunan. Dapat isalang sa kritisismo ang teksbuk bilang isang manwal at pangunahing kagamitan sa pagtuturo upang matukoy kung paano hinuhubog ang kamalayan ng mga mag-aaral. Mula sa espasyo at nilalaman, hanggang sa mga gawain at pagsasanay, lahat ay may ambag sa mekanismo ng produksiyon ng kaalaman na nangyayari sa loob ng silid-aralan.

## Metodolohiya

Kwalitatibo ang naging lapit sa pagsusuri ng teksbuk. Inilarawan ang katangian ng mga sinuring elemento ng teksbuk batay sa inilatag na framework sa artikulo ni Lisa O'keeffe (2012), at iniakma ito sa kaligiran ng asignaturang Filipino. Ito ay ginamit niya sa mga unang pagsusuri ng mga teksbuk sa matematika at agham na ibinatay sa modelo ng Third International Mathematics and Science Study (TIMSS). Nahahati sa tatlong pamamaraan ang pagsusuri: *analisis sa estruktura, analisis sa nilalaman, analisis sa ekspektasyon*. Makikita sa talahanayan ang orihinal na konsepto ng pagsusuri ni O'keeffe sa teksbuk ng Matematika at kung paano ito binago upang umayon sa kaligiran ng asignaturang Filipino.

**Talahanayan 1**

*Pagkukumpara ng lapit ni O'keeffe sa ginamit na pagsusuri ng teksbuk sa Filipino*

| Pamamaraan | Framework ni O'keeffe *(2012, pp. 6–7)* | Pag-aangkop ayon sa asignaturang Filipino |
|---|---|---|
| Analisis sa Estruktura | • Pagsusuri sa pagkakasunod-sunod at koneksiyon ng mga tekstwal na element<br>• Pagtukoy sa kaangkupan ng pisikal na estruktura sa mga gagamit ng teksbuk | • Pagsusuri sa biswal na representasyon ng pambansang identidad<br>• Pagsusuri sa saklaw ng espasyo at bilang ng gawain ng bawat aralin<br>• Pagsusuri sa elementong biswal at tekstwal bilang pantulong sa pagtuturo ng pagbasa |
| Analisis sa Nilalaman | • Pagsusuri sa paraan ng pagpukaw ng atensiyon ng mga mag-aaral<br>• Pagsusuri sa paglalahad ng tuwiran at malinaw na ideya o mensahe<br>• Pagsusuri sa paraan ng pagpapanatili ng atensiyon ng mga mag-aaral | • Pagsusuri sa mga inilatag na impormasyon bilang pantulong sa pagsusuri ng tekstong ipababasa (kaligirang pangkasaysayan)<br>• Pagsusuri sa pag-ayon ng mga gawain ng teksbuk sa inilatag na kasanayan ng kurikulum |
| Analisis sa Ekspektasyon | • Pagsusuri sa *performance expectation* o pamamaraan kung paano sasanayin ang mga mag-aaral sa paglinang ng isang kompetensi<br>• Pagsusuri sa pilosopiya ng pagkatuto at pangunahing kasanayang pinag-tutuonan ng teksbuk | • Pagsusuri sa mga kasanayang inaasahang magagawa ng mag-aaral sa pagsusuri ng teksto<br>• Pagsusuri sa mga kahingian (resources) sa mga mag-aaral upang maisagawa ang gawain |

### Ang Kurikulum ng Grado 8

Ang kurikulum ng Filipino 8 sa ilalim ng K to 12 ay nakatuon sa paghubog ng pambansang kamalayan ng mga mag-aaral. Inilahad bilang grade level standard ng Grado 8 ang sumusunod: "Pagkatapos ng Ikawalong Baitang, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang pambansa upang maipagmalaki ang kulturang Pilipino." (Kagawaran ng Edukasyon, 2016, p. 4)

Upang makamit ito, isinaayos ang tema ng bawat markahan ayon sa yugto ng kasaysayan. Mabubuod sa Talahanayan 2 ang pagkakalatag ng kurikulum kasama ang bilang ng sesyong nakalaan at ang paksa ng panitikang tatalakayin mula una hanggang ikatlong markahan. Ang ikaapat na markahan ay nakalaan para sa obrang *Florante at Laura* ni Francisco Balagtas na bahagi na ng mga nakalipas na kurikulum.

**Talahanayan 2**

*Mga itinakdang paksa at bilang ng sesyon na nakalaan sa bawat paksa sa bawat markahan*

| Markahan | Tema | Bilang ng sesyon | Paksa |
|---|---|---|---|
| Unang Markahan | Mga akdang pampanitikan sa panahon ng Katutubo, Espanyol, at Hapon | 6 | Karunungang-bayan/Tula |
| | | 6 | Alamat/Maikling Kuwento |
| | | 7 | Epiko |
| | | 8 | Pangwakas na Gawain |
| Ikalawang Markahan | Mga akdang pampanitikang lumaganap sa panahon ng Amerikano, Komonwelt, at Kasalukuyan | 7 | Tula |
| | | 8 | Balagtasan |
| | | 8 | Sarswela |
| | | 6 | Sanaysay |
| | | 7 | Maikling Kuwento |
| | | 8 | Pangwakas na Gawain |
| Ikatlong Markahan | Mga panitikang opular sa lumaganap sa kulturang Pilipino | 8 | Popular na Babasahin |
| | | 8 | Kontemporaryong Programang Panradyo |
| | | 8 | Kontemporaryong Programang Pantelebisyon |
| | | 8 | Pelikula |
| | | 8 | Pangwakas na Gawain |

Mapapansing naging tiyak ang kurikulum sa paglalahad ng inaasahang tekstong tatalakayin sa bawat yunit. Mahihinuhang may kinalaman ang anyo ng panitikang itinakda sa tema ng yunit. Sa unang markahan, nakatuon sa tradisyong oral ng katutubo, sa ikalawang markahan naman ang mga anyo ng panitikang bunga ng impluwensiya ng mga mananakop, at sa ikatlong markahan, prominente ang *broadcast* na midya. Sa pagsusuri ng mga kasanayan, nakitang may pagbabanggit ng tiyak na anyo ng panitikan sa bawat kasanayang pumapailalim sa linggo kung kailan inaasahang matatalakay ito.

Sa kabila ng pangkasaysayang hubog nito, makikita ang paglihis ng kurikulum sa kronolohikal na daloy ng kasaysayan dahil sa paglalagay nito ng panahon ng Pananakop ng Hapon sa unang markahan. Binanggit sa uri ng panitikang tatalakayin sa unang markahan ang senryu at haiku ng bansang Hapon bilang bahagi ng pagbasa ng tula.

Nagtakda rin ang kurikulum ng pamantayan sa pagganap sa bawat markahan. Layunin nitong magkaroon ng paglilipat (transfer) ng kasanayan sa pamamagitan ng paglikha ng isang makatotohanang proyekto. Inilaan ang huling linggo ng bawat markahan upang gawin ito nang may inaasahang kasanayan ding malilinang sa proseso.


### Ang Estruktura: Ang Pisikal na Disenyo

Unang bubungad ang pisikal na anyo ng teksbuk sa mga gagamit nito. Nagsisilbi itong paratekstwal na aspekto ng teksbuk na pumapatungkol sa paraan kung paano ipinepresenta ng aklat ang sarili nito sa mambabasa labas pa sa nilalaman nito (Genette & Maclean, 1991). Repleksiyon din ang pisikal na anyo ng teksbuk ng umiiral na kondisyong panlipunan kung kailan ito inilimbag (Jurilla, 2003).

Simple ang dibuho ng pabalat ng teksbuk ng Filipino 8 na makikita sa Pigura 1. Prominenteng kulay na ginamit ay asul na may mga salitang nakasulat sa matitingkad na kulay. Ilan sa mga detalyeng makikita sa pabalat ay ang pamagat ng teksbuk, ang asignatura, ang larawang kumakatawan sa kabuoang tema ng mga aralin, at ilang mga detalyeng nagpapakita na pagmamay-ari ng gobyerno ang aklat at hindi maaaring ibenta. Naglagay rin ng detalye kung paano kokontakin ang kagawaran sakaling may mga mungkahi at puna sa naturang aklat.

**Pigura 1**

*Teksbuk sa Filipino 8*




*Tala:* Ang harap (kaliwa) at likurang (kanan) pabalat ng teksbuk sa Filipino 8.

Unang pupukaw sa atensiyon ng makakikita ng pabalat ay ang imaheng inilagay sa harapan. Binubuo ito ng isang aktwal na larawan at apat na guhit na imahen o *cartoon*. Kung itatambal ito sa kurikulum, mahihinuha nating ito ang isinalarawang interpretasyon ng temang pangkasaysayan ng Grado 8. Kung susuriing maigi, makikita ang problematikong representasyon ng bawat yugto ng kasaysayang pagkukuhanan ng mga ipababasang akda. Ang representasyong ginamit sa panahon bago dumating ang mga mananakop ay isang taong walang damit na nakaupo at tila may isinusulat o iginuguhit sa buhangin. Ang imahe ng katutubo bilang primitibo, marumi, hindi marunong gumamit ng kasangkapan, at mangmang ang naipahihiwatig sa napiling larawan. Nagpapakita rin ng pagtanggap at pagsuko sa dayuhang ideya at identidad ang iba pang larawan gaya ng batang kulay tsokolate ang buhok at nakasuot

ng polo na may mahabang manggas; ang babaeng nakabaro, saya, at takong na tila bumibigkas sa isang patimpalak; at ang aklat sa gitna na hindi mawari kung ano ang nilalaman. Wala ring malinaw na kaugnayan ang larawan ng batang nakaharap sa monitor na tila nag-aaral ng isang leksiyon tungkol sa Matematika.

Sinunod ng nilalaman ng teksbuk ang kronolohikal na daloy ng kasaysayan sa daloy ng mga aralin. Hindi ito sumunod sa pagugrupo ng mga yugto ng kasaysayan. Hinati ang aralin sa bawat yunit na walang palatandaan kung alin ang araling nabibilang sa bawat markahan. Makikita sa Talahanayan 3 ang daloy ng aralin maging ang naging distribusiyon ng pahina sa bawat yunit.

**Talahanayan 3**

*Bilang ng pahina sa bawat aralin*

| Markahan (batay sa kurikulum) | Yunit | Paksa ng Yunit | Bilang ng Pahina |
|---|---|---|---|
| Unang Markahan | 1 | Panitikan sa Panahon ng Katutubo | 39 |
| Unang Markahan | 2 | Panitikan sa Panahon ng Espanyol | 16 |
| Ikalawang Markahan* | 3 | Panitikan sa Panahon ng Amerikano | 28 |
| Unang Markahan** | 4 | Panitikan sa Panahon ng Hapon | 15 |
| Ikalawang Markahan | 5 | Panitikan sa Panahon ng Kasarinlan | 29 |
| Ikatlong Markahan | 6 | Kontemporaryong Panitikan | 11 |
| Ikatlong Markahan | 7 | Ang Broadcast Media: Mekanismo ng Pagbabago at Pag-unlad ng Kulturang Pilipino | 29 |
| Ikatlong Markahan | 8 | Dokumentaryong Pampelikula: Midyum ng Pagbabagong Panlipunan | 25 |

Napaglaanan ng pinakamaraming pahina ang Yunit 1 na naglalaman ng aralin tungkol sa Panitikan sa Panahon ng Katutubo. Kung babalikan natin ang kurikulum, sinasalamin nito ang implikasyon ng itinakdang nilalaman ng unang markahan na karamihan ay mga tradisyong oral. Ngunit ang bilang ng pahina ay hindi direktang maiuugnay sa nilalaman ng kurikulum. Makikita sa talahanayan 4 ang distribusyon ng mga elemento ng bawat aralin.

Hindi naging balanse ang distribusyon ng mga tekstong babasahin at mga gawain. Kitang-kitang hitik sa babasahin at gawain ang Yunit 1. Maiikling tula ang karamihan sa mga babasahin dito na sinusundan ng maiikling gawaing may kinalaman sa pagsusuri. Samantala, may isang babasahing teksto lamang ang Yunit 5 na pangalawa sa may pinakamaraming pahina sa teksbuk. Kung babalikan ang teksbuk, isang dulang bumubuo ng higit sa kalahati ng bilang ng pahina ng yunit ang ipinabasa. Hindi gaanong nagkakalayo ang bilang ng mga gabay sa pag-aaral na tumatalakay sa mga karagdagang impormasyon na tutulong sa pagsusuri ng teksto.


**Talahanayan 4**

*Bilang ng teksto, Gawain, ilustrasyon, at gabay sa pag-aaral sa bawat yunit ng module*

| Markahan | Yunit | Bilang ng Tekstong Babasahin | Bilang ng Gawain | Bilang ng Ilustrasyon | Bilang ng Gabay sa Pag-aaral |
|---|---|---|---|---|---|
| Unang Markahan | 1 | 15 | 30 | 15 | 8 |
| | 2 | 4 | 10 | 4 | 7 |
| | 4 | 5 | 7 | 2 | 3 |
| Ikalawang Markahan | 3 | 9 | 15 | 0 | 5 |
| | 5 | 1 | 18 | 5 | 4 |
| Ikatlong Markahan | 6 | 1 | 12 | 8 | 5 |
| | 7 | 3 | 27 | 24 | 7 |
| | 8 | 2 | 20 | 21 | 7 |

**Pigura 2**

*Pahinang tumatalakay sa kasaysayan at elementong komiks, p. 134.*


Narito ang isang halimbawa ng komiks at mga bahagi nito:

**Kuwadro-** Naglalaman ng isang tagpo sa kuwento (*frame*)

**Kahon ng Salaysay -** Pinagsusulatan ng maikling salaysay

Pamagat ng kuwento

Larawang guhit ng mga tauhan sa kuwento

**Lobo ng usapan-** Pinagsusulatan ng usapan ng mga tauhan; may iba't ibang anyo ito batay sa inilalarawan ng dibuhista.

Isinulat ni Carlo J. Caparas. Mula sa Komiklopedia.wordpress.com.

Sinasabing ang komiks ay inilarawan bilang isang makulay at popular na babasahin na nagbigay-aliw sa mambabasa, nagturo ng iba't ibang kaalaman, at nagsulong ng kulturang Pilipino. Ang kultura ng komiks ay binubuo ng mga manunulat at dibuhista na napakalawak ng imahinasyon.

Ang pagiging malikhain ng mga manlilikha ng komiks ang nagpagalaw maging sa mga bagay na walang buhay. Ipinakita nila ang hindi nakikita ng iba. Lumikha sila ng mga bagay mula sa wala. Gumawa ng mahika. Pinagkabit-kabit ang mga elemento. At kahit walang teleskopyo ay ginalugad nila ultimong tuldok sa kalawakan, ipinakita na bukod sa ating mundo ay may iba pang mundo, at may iba pa palang uri ng mga nilalang.

Maraming batá ang lumaki kasabay ng komiks at baon nila ang tapang ng mga *super* karakter na lumalaban sa mga hamon ng buhay. Maraming pinaligaya ang komiks, maraming binigyan ng pag-asa, maraming pinaibig.

*Mga larawan mula sa Philippine Online Chronicles*

134

Ang Nilalaman: Nasalang Kasaysayn sa loob ng Teksbuk

Mga talahanayan at mga *textbox* ang karamihan sa mga ilustrasyong natukoy. Sa kabila ng malaking bilang ng naitalang ilustrasyon, kakaunti lamang ang mga larawang maaari sanang magkompliment sa aralin. Makikita naman sa Yunit 5 na hindi lubusang nagamit ang ilustrasyon ng komiks at sa halip, patalatang tinalakay ang kasaysayan nito at nagbigay lamang ng mga halimbawang pahina (tingnan ang Pigura 2). May mga ginamit ding crossword puzzle. Ngunit di naman direktang masusulatan ng mga mag-aaral ang mga ilustrasyong ito kung susundin ang alituntuning hindi maaaring sulatan o lagyan ng marka ang mga pahina. May mga gawaing tahasang sinasabing kopyahin ang ilustrasyong ibinigay ngunit mayroon ding walang direktang panuto. Ano pa man, nawawalan ng silbi ang estruktura ng gawain dahil hindi naman direktang nakakainterak ang mga gagamit ng aklat.

Mahihinuha natin mula sa temang pangkasaysayan ng kurikulum ng Grado 8 na mahalaga ang paglalatag ng kontekstong pinagmumulan ng akda. Dito magmumula ang pagpapalalim upang mas makita kung paano hinubog ng politikal, ekonomiko at kultural na kalagayan ang mga tradisyon at panitikan. Ibig sabihin, ang dagdag na pagtalakay sa kasaysayan ang dapat magbigay ng sapat na kaalaman kung paano maaaring tingnan ang akda upang mapalitaw ang danas, pakikibaka, at impluwensya ng mga

panlipunang salik. Sa kabilang banda, nagbibigay din ng limitasyon ang hubog pangkasaysayan. Ilan lamang ang paraan ng pagbibigay-diin sa mga impormasyon, ang paraan ng pagkakalahad ng naratibo, at pamimili kung anong impormasyon ang isasama sa mga salik na mahalagang isaalang-alang upang magkaroon ng sapat na kritikal na lente ang mga mag-aaral. Maliban pa rito, nagtatalo rin ang usapin ng pagtalakay ng kasaysayan at lipunan dahil ang kurso ay inaasahang tatalakay sa wika at panitikan lamang. Maaaring gamiting argumentong natalakay na nang malaliman sa antas elementarya (partikular sa grado 6) ang kasaysayan ng Pilipinas ngunit mahalagang konsiderasyon din ang lalim at kung natatandaan pa ito ng mga mag-aaral.

Sa pagsusuri ng aspektong pangkasaysayan ng teksbuk, dalawa ang nakitang problematikong hubog: una, hindi nabigayan ng sapat na tuon ang pagpapakilala sa kultura at identidad ng mga sinaunang katutubo; at pangalawa, unti-unting nawala ang danas ng pakikibaka at tumuon na lamang sa pagluwal at paglaganap ng anyo ng panitikan.

**Ang Nawawalang Katutubo sa Panahon ng Katutubo**

Nakatuon ang unang yunit sa pagpapakilala sa mga sinaunang katutubo at ang tradisyong oral na kumakatawan sa mayamang kultura bago pa man dumating ang mga dayuhan. Hitik ang yunit sa mga tekstong patula ngunit may ilan din namang tekstong nasa tuluyan. Ipinakilala ang panahong ito sa pamamagitan ng sumusunod na teksto:

> Bago pa man dumating ang mga una nating mananakop na dayuhan, mayroon nang mayamang kaban ng panitikan ang grupo ng mga pulong kalaunan ay tatawaging Pilipinas. Bawat pangkat-etniko at pangkat-linggwistiko sa katutubong panahon ay may kani-kanilang anyo ng tula, alamat, epiko, at mga kuwentong-bayan.
>
> Gayunpaman, marami sa mga panitikang ito ang naglaho na at hindi na natin mababasa, dahil na rin sa pandarahas ng mga dayuhang mananakop hindi lamang sa ating mga lupain at yamang pisikal kundi pati na rin sa ating kaakuhan at kultura. Itinuturing ng mga dayuhang mananakop na mababang uri ang kultura nating mga Pilipino, kung kaya't hindi karapat-dapat na sagipin.
>
> Naging mahirap din ang pagliligtas sa mga naiwang piraso ng katutubong panitikan, pangunahin na dahil karamihan sa mga ito ay walang nakasulat na bersiyon. Karamihan sa panitikan na umiral noong panahon ng katutubo ay nakatali sa ating mayamang tradisyong pabigkas–hindi dahil sa wala tayong kakayahang magsulat (mayroon tayong sistema ng pagsulat na ang tawag ay baybayin), kundi dahil mas episyente ang pagpapasa ng mga panitikang ito sa pamamagitan ng pagbigkas.
>
> Sa unang pagsusuri ng mga mananaliksik at akademiko, inakalang ang lahat ng naisulat noong panahong iyon ay tungkol sa karaniwan o pambalanang buhay–halimbawa, kung ang pinagmulan ng panitikan ay isang pangkat-etniko na nakatira malapit sa dagat, madalas ay tungkol sa pangingisda o dagat ang laman ng mga panitikan nila, gaano man kakaraniwan o kapantastiko ang pagkakalahad. Ngunit habang mas marami pa ang nauungkat na mga lumang panitikan ng mga akademiko, mas nakikita na katulad ng mga kontemporaryong akda, hindi maikukulong sa iilang paksa lamang ang mga katutubong panitikan. Patunay ito na bago pa man dumating sa atin ang mga Kanluraning paraan ng pag-iisip, mayroon na tayong napakahusay na orihinal na kultura.
>
> Samakatuwid, ang makikita mong mga panitikan sa yunit na ito ay patikim lamang, at paimbabaw lamang ng kung anong yaman ng ating sinaunang kultura. (Bola et al., 2013, pp. 7-8)

Sa unang talata pa lamang, may pagbatay na ng yaman ng kultura sa danas ng pananakop. Sinundan ito ng paglalahad ng mga naranasan matapos dumating ang mga nanakop sa ikalawang talata. Sa kabila ng pagtatangkang mabuo ang isang

imahen ng mayamang kulturang taglay ng mga katutubo, tila sumasalungat ang paraan kung paano ito nailahad sa layunin nito. Nariyan ang paggamit ng mga pahayag gaya ng "pagliligtas" at "pirasong nailigtas" na nagpapahiwatig ng isang mahinang imahen ng katutubong kultura. May pagtatangka ring ihambing ito sa kasalukuyang anyo ng panitikan ngunit hindi nailatag ang mahalagang kaibahan nito pagdating sa konteksto.

Nabanggit din sa pagpapakilala ang pagiging oral ng tradisyong katutubo. Nilinaw na kaya walang gaanong naidokumentong pasulat na tekstong katutubo, wala silang sistema ng pagsusulat. Mahalagang nabanggit ang pagiging epektibo ng anyong ito sa pagsasalin ng mga tradisyon sa mga susunod na henerasyon. Ngunit nakababahala ang paraan ng pagpoproseso ng katangiang oral sa gawaing makikita sa pahina 9. Sa pamamagitan ng gawaing *pass the message,* tinangkang iproseso ang ideya ng oralidad sa mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pagkakaiba sa katangian ng mensahe ng mga grupong nanalo at ng mga hindi nanalo?
2. Patas ba ang laban? Pangatuwiranan.
3. Bakit kaya higit na madaling nakabisado ng mga grupong nanalo ang kanilang mga mensahe? Bakit mas mahirap ang mensahe ng mga natalong grupo?
4. Kung hahayaan ang lahat ng mensahero na kopyahin sa papel ang mensahe, ano kaya ang kahihinatnan

Nawala sa paraan ng pagpapalalim sa pag-unawa ng oralidad ng teksto ang pinanggagalingang konteksto ng produksiyon nito. Dahil sa pagturing sa gawain bilang isang kompetisyon, hindi napagtuunan ng pansin ang bentahang (advantage) dala ng pagiging oral ng mga teksto. Hindi tugma sa kontekstong pangkasaysayan ang pagbabanggit ng pagiging patas. Kung susuriin maigi ang mga tanong, nakatuon ang pagpapalalim sa kakayahang mayroon ang mga mag-aaral sa halip maipaunawa ang halaga ng anyong ito sa pagsasalin sa mga henerasyon. Ikinumpara rin ang pasalitang anyo sa pasulat na anyong lalong nagpatingkad sa desbentaha (disadvantage) nito.

Alanganin din ang paghahambing ng katutubong panitikan sa kontemporanyong panitikan dahil hindi napalawig kung bakit maituturing na "orihinal" ang katutubong panitikan. Isa marahil itong pagtatangkang ilapit ang ipababasang akda sa konteksto ng mga mag-aaral ngunit nagpapahina sa mas kritikal na lapit sa pag-unawa ng teksto ang kawalan ng kontekstong pangkasaysayan.

Ang higit na nakababahala ay ang kawalan ng pagkilala sa mga kasalukuyang katutubo bilang tagapagpanatili at tagapagsulong ng kultura ng kanilang mga ninuno. Hindi natalakay ang ambag ng mga katutubo sa pagpapanatili at pagpapayaman ng tradisyong oral. Kung babasahin ang kasaysayang ito, pinahihiwatig na sumuko at nagpaimpluwensiya na lamang ang mga sinaunang katutubo sa kolonyalismo ng mga dayuhang mananakop sa halip na pumiglas o bumuo ng sarili nilang bersiyong mas angkop sa paniniwala at world-view ng kanilang pangkat. Sumasandig ang naratibo ng katutubong panahon sa ideyang naging biktima ang kulturang katutubo. Dagdag pa sa usaping ito, ang pagpapakilala sa mga tao sa likod ng pagtatala at pagpapanatili ng mga ito (Sino ang nangalap? Sino ang bumigkas? atbp.) ay bahagi ng mahahalagang impormasyong dapat maiparating sa mga mambabasa upang mabuo ang mahalagang papel ng mga etnikong pangkat sa pagpapayaman ng ating pagkakakilanlan.

**Ang Unti-unting Pagkawala ng Pakikibaka**

Ang Pilipinas ay may kolonyal na danas at hindi mahihiwalay ang pakikibaka sa pagbuo ng pambansang karanasan. Sa mga sumunod na yugto ng kasaysayan, inaasahang matatalakay ang serye ng pakikibaka laban sa mga dayuhang mananakop. Mapapalitaw sa ganitong hubog ang naging pagbabago sa anyo, tema, at paksa ng panitikan. Maaaring maging paksa ang panitikan bilang isa sa mga manipestasyon ng kolonyalismo at pakikibaka

upang mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong ipababasa sa kanila.

Malaki ang pagkukulang sa paraan ng paglatag ng naratibo ng pananakop. Sa ikalawang yunit na pumaksa sa pananakop ng Espanyol hanggang sa panahon ng pakikibaka ng mga rebolusyonaryo, hindi naging malinaw sa pagtalakay sa kaligirang pangkasaysayan kung paano humantong sa mahigit tatlong daang taon ang pananakop at kung paano nangyari ang pakikibaka laban sa mga dayuhan. Sinimulan ang pagpapakilala sa panahon ng pananakop ng Espanyol sa sumusunod na talata:

> Ang mahigit na tatlong daang taong pananakop at paniniil ng mga Espanyol sa ating bansa ang sanhi ng unti-unting pagkakabuo at paglaganap ng damdaming makabayan sa mga Pilipino. Nagkaroon ng mga bagong kilusan sa politika at panitikan sa Pilipinas. Ang dating diwang makarelihiyon ay napalitan ng damdaming mapaghimagsik. Ang naging paksa ng panitikan sa panahong ito ay pawang pagtuligsa sa pamahalaan at simbahan, at pag-udyok sa mga Pilipino na magising at magkaisa upang matamo ang minimithing kalayaan. (Bola et al., 2013, pp. 40-41)

Nalaktawan sa pagtalakay ang impluwensiyang hatid ng mga dayuhang mananakop sa pamumuhay ng mga katutubo. Walang pagbanggit sa relihiyon bilang instrumento ng pananakop gayong sa yugtong ito mahalagang matalakay ito dahil sa paglaganap ng impluwensiya ng Kristiyanismo sa mga akdang pampanitikan. Mabibigyang-linaw sana sa pagtalakay ng relihiyon kung paano naging epektibo ang pananakop di lamang sa teritoryo maging sa diwa ng nakararami sa katutubong lipunan. Binanggit na lamang agad ang simbahan ngunit hindi naging malinaw kung anong relihiyon ang pinatutungkulan. Dagdag pa rito, tila natural sa mga Pilipino noon ang pagiging relihiyoso at isang reaksiyon lamang ang pag-iral ng damdaming mapaghimagsik.

Pagdating naman sa pagsasakonteksto ng "panitikang rebolusyonaryo," mas nabigyan ng higit na atensiyon ang romantisismong taglay nito sa halip na mabigyan ng tuon ang paghamon sa kolonyal na kamalayang itinanim sa diwa ng mga Pilipino. Lumikha ng isang dikotomiya ang paraan ng pagsasalaysay ng mga nangyari noong panahong lumalaganap ang pag-aalsa: ang mga Pilipino ang naaapi, at ang mga Espanyol ang nang-aapi. Sa halip na maging maalab ang diwa ng pagmamahal sa bayan at pag-asam ng kalayaan, mas naging mahina ang nililikhang imahen ng mga rebolusyunaryo.

> Sa akda ng mga katipunero ay mababatid ang pagnanasa ng ating mga ninuno na matamo ng tinubuang bayan ang tunay na kalayaan. Sa akda rin nila malalaman ang uri ng lipunan noong panahon ng pananakop: pagmamalabis, pang-aalipin, at pagyurak sa pagkatao ng mga Pilipino. Kaya naman karaniwan sa anumang panitikang rebolusyonaryo na may pagpapahayag ng kasawian, pati na rin ang pagnanais na lumayang muli. (Bola et al., 2013, p. 45)

Dahil sa *framing* at *classification* ng kaalaman, mas nabigyang-pansin sa bahaging ito ang temang taglay ng panitikan. Sa halip na bigyan ng mas malinaw na konteksto kung saan nagmumula ang mga temang ito, ginawa itong pamantayan ng katangiang kailangan hanapin sa mga babasahing teksto. Pinasimple ang masalimuot na danas ng kolonyalismo sa mga salitang "pagmamalabis, pang-aalipin, at pagyurak sa pagkatao ng mga Pilipino." Gayundin ang nangyari sa manipestasyon ng kontra-kamalayang kolonyal bilang mga "pagpapahayag ng kasawian" at "pagnanais na lumayang muli." Dahil sa panitikan nakatuon ang asignatura, naikulong ang pakikibaka ng mga rebolusyunaryo sa ekspresyon ng hinagpis sa halip na isakonteksto ang pinagmumulan ng hinagpis na ito bilang paglaban sa ikinintal na pag-iisip sa mga Pilipinong sumuko at sumailalim sa kontrol ng mga mananakop.

Pagdating sa panahon ng pananakop ng Amerikano, kapansin-pansin ang mas positibong oryentasyon sa paraan ng pagsasalaysay ng kasaysayan na pumapabor sa dayuhan. Kagaya ng puna ni Francis Gealogo (2007, pp. 246-250), may pagkiling ang naratibo sa pagpapabuti ng imahen ng mga mananakop na Amerikano. Mababasa ito sa sumusunod na talata:

> Napunta sa kamay ng mga Amerikano ang Pilipinas noong 1898. Dahil sa kanila nakarinig ang mga Pilipino ng balita sa radyo, nakasakay sa tranvia at nakakain ng cotton candy. Natuto tayo ng Ingles, nag-isip ng demokrasya, at nalaman ang "A" ay unang titik ng apple.
>
> Tinawag tayong little brown brother ng Amerika, na sabay nagpapakita ng pagmamahal at pagmamaliit. Pinadala ang mga Igorot sa 1904 St. Louis World Fair at itinanghal bilang mga kawawang nakabahag at kumakain ng aso kaya kailangang turuan maging sibilisado.
>
> Bahagi ito ng paniniwala ng mga Amerika na itinadhana silang maghari. Tinawag nilang Benevolent Assimilation o Mapagkalingang Pag-angkin ang ginawa nila. Ngunit alam ng mga Pilipino na hindi sila ganap na malaya. Kaya ipinagpatuloy nila ang laban sa larangan ng politika, sa pamamagitan ng armas, at sa tulong ng mga dula, tula, at kuwento noong panahong iyon. (Bola et al., 2013, p. 56)

Pinahahalagahan sa unang talata ang impluwensiyang dala ng mga Amerikano sa pamamagitan ng pagpuri sa mga dinalang teknolohiya, sistema ng pamamahala, at wika. May tono ng pagiging kaaya-aya ang kabuoang latag ng kasaysayan na dapat gamitin sa pagsusuri sa mga akdang ipababasa. Higit sa lahat, tila naging utang na loob pa ng mga Pilipino sa mga mananakop ang impluwensiyang hatid nila sa lipunan at kultura. Maaaring mapapaisip ang isang mag-aaral na babasa ng ganitong naratibo ng kasaysayan kung tama nga ba na nilabanan sila ng mga rebolusyonaryo. Nadaig ng mabuting impluwensiyang hatid ang pagmamalupit ng mga Amerikanong mananakop na binanggit lamang sa isang pangungusap sa ikalawang talata.

Simula rito, pinalalabas nang organiko ang pananakop. Inilarawan na ang impluwensiyang hatid ng mga Amerikano sa tradisyong pampanitikan bilang natural at hindi na napigilan pa. Makikita ito sa pagtalakay sa bahaging pinamagatang "Pagbabago ng Paksa."

> Natural na pumasok sa panitikan noong panahong iyon ang kulturang Amerikano. Naging moderno ang mga paksa–tungkol sa mga indibidwal sa gitna ng malalaking gusali at mga makinang mabilis ang takbo sa mga semantadong kalsada.
>
> Kasabay nito, naging mahalagang paksa rin ang buhay-probinsya at mga taong nagbubuklod upang maging isang bayan. (Bola et al., 2013, p. 56)

May isang naratibong may kinalaman sa pagkontra sa mga dayuhang mananakop na inilarawan sa negatibong paraan. Inihambing ang paghihimagsik at pagtuligsa ni Aurelio Tolentino sa mga Amerikano sa isang imaheng nagpapahiwatig ng kamalian o hindi maayos na pagkilos noong panahong iyon.

> Rebolusyunaryo rin ang Kahapon, Ngayon, at Bukas ni Aurelio Tolentino. May eksena rito kung saan kailangan kunin ng tauhang si Tagailog ang bandilang Amerikano at apakan sa entablado. Dahil natakot ang artistang gawin ito, si Tolentino mismo ang gumawa (Pineda 1974, 349). Dahil dito, ikinulong siya katulad ni Abad at ng iba pang may bolpen na nagtae sa papel ng pamahalaan. (Bola et al., 2013, p. 57)

Nagtutugma ang naratibong ito sa paraan kung paano itinuring sa naunang latag ng kaligirang pangkasaysayan ang positibong imahen ng pananakop

ng mga Amerikano. Itinumbas sa pagdudumi sa "papel ng pamahalaan" ang pagsalungat at pakikibaka laban sa mga mananakop na nagdala ng impluwensiyang pinakinabangan sa kasalukuyan.

Mula sa bahaging ito ng teksbuk hanggang sa mga sumunod pang mga latag ng yugto ng kasaysayan, wala nang nabanggit pang naratibo ng rebolusyon ni pakikibaka laban sa kolonyalismo. Naglatag ng ilang mga makasaysayang tagpo na nangyari ngunit hindi naging malinaw ang pinagmulan nito at kung paano ito magagamit sa pagsusuri ng tekstong babasahin sa yunit. Naging tuon na lamang ang katangian ng panitikang dumidistansya sa koneksiyon nito sa sitwasyong panlipunan noong panahong iyon. Ikinulong ang panitikan bilang midyum ng pagpapahayag ng sariling damdamin. Hindi napalitaw ang koneksiyon ng panahon ng kasarinlan sa mga sinundan nitong pangyayari sa kasaysayan. Hindi nalinaw ang ugnayan ng produksiyon ng panitikang pumapaksa sa mga usaping panlipunan gaya ng kahirapan, pang-aapi at iba pa sa kasalukuyang konteksto at sa mga nagdaang mga danas ng bansa. Nagkaroon ng malaking puwang sa pambansang kamalayan dahil hindi napalalim ang danas ng pakikibaka na nangyari at patuloy na nangyayari sa kasalukuyang lipunan. Hindi maiiwasan na bumalik sa tanong na "ano ang silbi ng pangkasaysayang hubog kung hindi nailatag nang maayos ang pinagmulang danas na susi sa mas kritikal na pagsusuri sa mga tekstong pampanitikan?"

## Ang Ekspektasyon: Kaninong Konteksto nga ba Naaangkop?

Ang panitikan ay nagtataglay ng mga abstraktong konsepto, danas, at impormasyon na maaaring malapit o malayo sa kaalamang taglay ng mga mag-aaral. Malaki ang ginagampanan ng mga gawain sa pagpoproseso ng mga impormasyong inihahain ng teksto sa mga mag-aaral. Maaari nitong palawigin ang pagtingin at pag-unawa sa teksto o maaari nitong limitahan ang ideya. Ngunit sa proseso ng paghubog ng kasanayan, mayroong mga natatagong kahingian ang mga gawain na maaaring maging balakid sakaling hindi matugunan agad ng iba pang elemento ng teksbuk at ng guro. Sa pagsusuri sa mga inaasahan sa mga gawain ng mga mga mag-aaral, lumalabas na mahalagang salik ang kahingiang pangkaalaman at ang resources na kailangang taglay ng mga mag-aaral upang masagutan ang mga ito.

## Ang Tuon ng mga Gawain

Umabot sa 120 ang mga pagsasanay, pagpapayaman, at pagtatasang makikita sa teksbuk. Binubuo ito ng mga gawain sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig, at panonood na may iba't ibang istruktura, kahingian, at estilo ng pagpapasagot sa mga mag-aaral. Di man konsistent ang daloy ng aralin sa bawat yunit, sumusunod ang karamihan sa mga gawain sa estruktura ng isang karaniwang banghay-aralin: may gawaing nakalaan sa pagganyak, may pre-reading at post-reading na gawain, may mga *summative assessment sa* dulo na nasa anyo ng isang *transfer activity*—isang *performance task* na nagsisilbing kulminasyon ng mga natutunan sa mga yunit na saklaw ng isang markahan.

Naging isang suliranin sa pagsusuri ng mga gawain ang naging pagbabago ng daloy ng aralin. Kung itatambal sa mga kasanayang makikita sa kurikulum, nakaapekto ang binagong ayos ng mga paksa sa pagtukoy kung anong kasanayan ang pinagbatayan ng mga gawain. Naging mahirap ito dahil tiyak ang kasanayan at anyo ng panitikang nakatala sa kurikulum. Sa unang markahan na lamang kung saan inaasahang sasaklawin ang panahon ng katutubo, pananakop ng Espanyol, at pananakop ng mga Hapon, naging tiyak ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa mga tradisyong oral ng katutubo gaya ng epiko, alamat, kuwentong-bayan, at iba pang maaaring mahirap hanapan ng katumbas sa dalawa pang yugto ng kasaysayan. Nalilimitahan ng ganitong nilalaman ng kurikulum ang maaaring talakayin sa teksbuk na maaaring humantong sa paglikha ng sariling paraaan ng pagpoproseso ng mga tekstong ipababasa sa klase. Magiging kuwestiyonable ang paggamit ng kasanayan sa pagbasa ng bugtong, salawikain

at iba pang karunungang bayan sa pagpoproseso ng mga tulang nilikha noong panahon ng pananakop ng Espanyol, at Hapon. Magkatulad mang tula ang dalawang teksto, kailangan magkaroon ng ibang lapit sa pagpapayaman ng kahulugan nito.

Mula sa kabuoang bilang na 120, tanging 31 na gawain lamang ang natukoy na may pinagbatayang kompentensi sa kurikulum ng Grado 8 (tingnan ang talahanayan 5). Kasama na rito ang mga gawain kaugnay ng pagpapayaman ng bokabularyo, pagsasanay sa gramatika, at mga gawaing nagpoproseso sa teksto bago at pagkatapos ng pagbasa ng teksto. Hindi rin naabot lahat ng kompetensing inaasahang malilinang sa bawat linggo. May mga yunit na walang pagpapayaman ng bokabularyo, wala ring pre-reading activity ang ibang bahagi, at hindi konsistent na may makikitang aralin at gawain sa gramatika sa bawat yunit.

Ang tatlong nakitang pangunahing tuon ng mga gawain ay umiikot sa nilalaman ng teksto, anyo ng teksto, at subhektibong tugon ng mga mag-aaral (tingnan ang Talahanayan 6). Nahuhubog pa rin ng pagsandig sa nilalaman at anyo ang pagpoproseso ng mga tekstong binasa. Hindi gaanong nabibigyan ng malalim na diskusyon ang kultural at pangkasaysayang aspekto.

**Talahanayan 5**

*Bilang ng Gawaing Umayon at Di Umaayon sa Kompetensi ng Kurikulum*

| Yunit | Mga Gawain | | | Natukoy na Kompetensi |
|---|---|---|---|---|
| | Hindi Sumunod sa Kompetensi | Sumunod sa Kompetensi | Kabuoan | |
| 1 | 19 | 9 | 28 | 7 |
| 2 | 8 | 2 | 10 | 6 |
| 3 | 10 | 5 | 15 | 8 |
| 4 | 6 | 3 | 9 | 13 |
| 5 | 5 | 2 | 7 | 9 |
| 6 | 5 | 1 | 6 | 2 |
| 7 | 20 | 6 | 26 | 8 |
| 8 | 16 | 3 | 19 | 9 |

**Talahanayan 6**

*Bilang ng Gawain Ayon sa Tuon Nito*

| Tuon | Bilang |
|---|---|
| Nilalaman ng teksto | 46 |
| Anyo ng teksto | 27 |
| Tugon ng Mag-aaral | 21 |
| Kultura at Kasaysayan | 12 |
| Pagsulat | 11 |
| Konsepto, Termino, at Talasalitaan | 8 |
| Gramatika | 8 |
| Panlipunang Kamalayan | 5 |
| Ponolohiya | 4 |
| Saliksik | 2 |

Pinatutunayan ng paghahanay na ito ang pag-iral pa rin ng maigting na framing at klasipikasyon ng nilalaman ng teksbuk. Inaasahang nakatuon pa rin ang asignaturang Filipino sa pagtuturo ng kaalamang may kinalaman, at posibleng limitado lamang, sa anyo at kasaysayan ng panitikan. Kinokontra ng ganitong pagtingin ang politikal na oryentasyon ng kurikulum na naglalayong palawakin pa ang kultural na pagkakakilanlan at pambansang kamalayang makikita sa mga teksto. Dahil dito, mahina ang nagiging pundasyon ng ilang mga gawain partikular sa mga gawaing "paglilipat" o transfer na nangangailangan ng mas komprehensibo at kritikal na pagtalakay sa batayang pangnilalamang hinihingi sa mga mag-aaral.

**Inaasahan sa Pag-aaral**

Isang malaking hamon sa parte ng mga mag-aaral ang pangkasaysayang hubog ng kurikulum dahil nangangailangan ito ng mayamang kaalaman tungkol sa kasaysayan. Sinubukan itong tugunan ng mga bahaging naglalatag ng kaligirang pangkasaysayan ngunit limitado o overview lamang ng kasaysayan ang inilalatag nito sa mga mambabasa. Sapagkat hindi natin alam ang saklaw ng kaalaman ng bawat mag-aaral, at lalong hindi natin batid kung magkakatulad ang danas at kalagayan nila, hindi rin masisiguradong pareho ang magiging pagtanggap at pagpapahalaga sa mga tekstong ipababasa.

Pinapalagay ng maraming gawain sa teksbuk na may sapat nang kaalaman ang mga mag-aaral tungkol sa paksang pinag-uusapan. May mga gawaing nagpapatukoy sa detalyeng kultural sa teksto. Ilan sa mga halimbawa nito ang mga gawain sa pagsusuri ng mga katutubong akda. Makikita sa pahina 4 ang panutong nagsusuri sa binasang alamat: "Sa isang pirasong papel, gumawa ng isang diagram tungkol sa iba't ibang kultura at tradisyon ng mga Igorot na ipinakita sa alamat." Maliban sa di malinaw ang ipinagagawang dayagram, ipinapalagay sa gawaing maalam ang mga mag-aaral sa kultura at tradisyon ng mga "Igorot" upang matukoy ang mga ito sa tekstong ipinabasa. Sa kabila ng kahingiang ito, walang impormasyong kultural na inilatag sa mga mag-aaral na magsisilbing gabay nila sa pagsagot. Ganito rin ang problemang makikita sa ikaapat na gabay na tanong sa pag-unawa sa epiko ng mga Bagobo sa pahina 37 na nanghihingi ng "mga pangyayari na nagpapatunay na ang akdang binasa ay epiko ng mga Bagobo."

Kapuna-puna rin na karamihan sa mga tanong na ibinigay sa mga mag-aaral ay mula sa perspektibo ng kritikong nauna nang sumuri ng akda. Kung iisipin, magandang batayan ang mga naunang kritisismo ng mga dalubhasa sa larangan ng panitikan at kasaysayan ngunit ang pagpapalabas sa mga kritisismong ito mula sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtatanong nang walang partikular na kontekstong inilalatag ay maaaring maging isang balakid sa halip na maging daan upang mas lumapit sa mag-aaral at maunawaan ang tekstong mula sa isang partikular na panahon. Tingnan halimbawa ang gabay na tanong patungkol sa tulang "Santa Cruz" ni Fray Francisco de San Jose sa pahina 41:

1. Batay sa iyong natutuhan sa mga naunang aralin, ano ang tugma at sukat ng tula (dapat ay bigkasing "Kurus" ang Cruz, dahil ganito ito binibigkas noong panahong iyon)?

2. Bakit isinulat gamit ang malaking titik ang mga salitang "Diyablo," "Santa Cruz," at "Jesus"?

3. Ano ang sinasagisag ng Santa Cruz?

May hinahanap nang sagot ang paraan ng pagtatanong na hinalaw marahil sa naunang pagsusuri ng akda. Datapuwat, nagbigay naman ng dagdag kaalaman sa unang tanong upang matukoy ng mga mag-aaral ang sagot. Hindi naipaliwanag nang maayos ang dahilan kung bakit /kurus/ ang bigkas sa "Cruz" sa tulang ito. Malinaw naman na ang tula ay repleksyon ng paglaganap ng Kristiyanismo noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol; ngunit mahalagang isaisip na may iba pang batang may ibang relihiyon na gumagamit ng libro na maaaring malagay sa desbentaha lalo na kung hindi pamilyar sa paniniwalang Kristiyanismo.

Ganito rin ang makikita sa paraan ng pagtatanong tungkol sa tulang binasa sa pahina 24. Nagkaroon ng biglaang pagbaling ang pagprogreso ng paraan ng pagsusuri sa isang partikular na interpretasyon nang walang malinaw na kontekstong pinagmumulan o paglilinaw sa mga konseptong ginamit bilang susi sa pag-unawa:

1. Pansinin ang anyo ng tula. Ano ang pagkakatulad nito sa mga naunang anyong pinag-aralan natin? Ano ang pagkakaiba nito?

2. Sa inyong palagay, sino ang nagsasalita sa tula? Sino si Kasampalok?

3. Ano ang hinihiling ng nagsasalita sa tula? Bakit kaya niya ito hinihiling?

4. Ano ang ginawa ni Kasampalok? Sa inyong palagay, ano ang ibig-sabihin ng ginawa niyang ito sa relasyon nila ng nagsasalita sa tula?

5. Paano ipinakita ng tula ang pagkabalisa ng nagsasalita?

6. Paano naibahagi ng tula ang mga komplikadong damdamin at pangyayari nang hindi ito kumikiling sa labis na sentimentalidad o pagdadrama?


7. Pag-isipan: Ito kaya ang klase ng tula na nilikha ng inyong istiryotipikal na makata?

Hindi agad mahahalata sa unang apat na tanong na may pinatutunguhang interpretasyon ang pagpoproseso ng detalye ng tula. Ngunit pagdating sa ikalima hanggang huling tanong, makikita na ang paglalatag ng kahulugan. Gampanin na lamang ng mambabasa ang patunayan ang mga ito. Ikinukulong nito ang tula sa ideyang isang akda itong nagpapakita ng "komplikadong damdamin na hindi kumikiling sa labis na sentimentalidad at nagpapakita ng pagkabalisa." Nawala ang boses ng mga mag-aaral sa proseso ng paglikha ng sariling pakahulugan at naging tagatanggap na lamang ng impormasyon. Maaaring maging hadlang ito sa mga mag-aaral na hindi sasang-ayon sa interpretasyong ito o kaya naman ay hindi lubos na maunawaan ang abstraktong ideyang nais palitawin nito.

Ganito rin ang posibleng maging danas sa isang gawaing may kinalaman sa interpretasyon ng isang chart sa pahina 163. Sa kabila ng layuning masubukan ang kakayahan ng mag-aaral sa pagbibigay-interpretasyon (tingnan ang Pigura 3), ang mababang kalidad ng dayagram ay nagpapahiwatig na may iisang sagot lamang na hinahanap at ito ang inaasahang ibibigay ng mga mag-aaral.

**Pigura 3**

*Isang chart na bibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral tungkol sa gampanin ng broadcast media sa Lipunan (p. 163)*



### Kahingiang Higit pa sa Nalalaman at Kakayahan

Higit pa sa impormasyon at kaalaman, may mga pangangailangan ding pangkagamitan at pakikipag-ugnayan sa ibang taong kinakailangan taglayin upang masagutan ang mga gawain. Pumapasok dito ang bentahang taglay ng mga mag-aaral na may mayamang *cultural* at *social capital.*


Isang magandang halimbawa nito ang mga gawain sa pagpapayaman ng talasalitaan. Nangangailangan ng akses sa diksiyonaryo ang pagbibigay-kahulugan sa mga salita. May mga akdang gumamit ng footnote upang matulungan ang mga mag-aaral sa mga salitang di pamilyar sa akda ngunit nangangailangan pa ng paghahanap sa diksiyonaryo ang mga gawaing nagpapatukoy sa kahulugan ng salita. Tahasan itong nabanggit sa gawaing pinamagatang "Talasalitaan" sa pahina 1. Ngunit pagdating sa pahina 47, gumamit na ng matching type na humahamon sa mga mag-aaral na pagtambalin ang salita at kahulugan nito. Kung hindi pamilyar ang mag-aaral sa salita o kaya naman hindi niya unang wika ang Tagalog (na pinagmulan ng karamihan sa mga salitang pinabibigyan ng kahulugan), maaaring mahirapan sila maliban na lamang kung magagabayan ng guro sa klase.

Marami rin sa mga gawain ay nangangailangan ng karanasan at exposure sa iba't ibang anyo ng midya upang masagutan. Pinapalagay na lahat ng mag-aaral ay nagbabasa ng diyaryo, nakikinig sa radyo, o nanonood ng palabas sa telebisyon at pelikula. Makikita sa Pigura 4 ang pagtalakay sa elemento ng midya.

Teknikal ang lapit ng pagtalakay sa pelikula lalo na sa gawaing makikita sa pahina 178 (tingnan ang pigura 4). Mas nakatuon sa terminong teknikal ang pagpapakilala ng mga uri ng anggulo at kuha ng kamera sa sinundang pahina. Walang ibinigay na larawang magpapakita ng kuhang tinutukoy. Kung ang estudyante ay hindi pa nakapapanood ng pelikula o kahit anong palabas, maaaring mahirapan ang mga mag-aaral mapahalagahan ang mga teknikal na terminong binanggit. Inaasahang mailalapat ng mga mag-aaral ang natutunan nilang iba't ibang klase ng kuha sa kanilang paglikha ng isang tourism advertisement video. Maliban pa ito sa kahingiang kagamitang dapat taglay nila upang mabuo ang proyekto.

**Pigura 4**


*Leksiyon at gawain tungkol sa mga kuha ng camera sa isang pelikula (p. 178-179)*


Mga Karaniwang Uri ng Anggulo at Kuha ng Kamera

1. *Establishing / Long Shot* – Sa ibang termino ay tinatawag na *scene-setting*. Mula sa malayo ay kinukunan ang buong senaryo o lugar upang bigyan ng ideya ang manonood sa magiging takbo ng buong pelikula o dokumentaryo.
2. *Medium Shot* – Kuha ng kamera mula tuhod paitaas o mula baywang paitaas. Karaniwang ginagamit ito sa mga senaryong may diyalogo o sa pagitan ng dalawang taong nag-uusap. Gayundin, kapag may ipakikitang isang maaksiyong detalye.
3. *Close-Up Shot* – Ang pokus ay nasa isang partikular na bagay lamang, hindi binibigyang-diin ang nasa paligid. Halimbawa nito ay ang pagpokus sa ekspresiyon ng mukha; sulat-kamay sa isang papel.
4. *Extreme Close-Up* – Ang pinakamataas na lebel ng *close-up shot*. Ang pinakapokus ay isang detalye lamang mula sa *close-up*. Halimbawa, ang pokus ng kamera ay nasa mata lamang sa halip na sa buong mukha.
5. *High Angle Shot* – Ang kamera ay nasa bahaging itaas, kaya ang anggulo o pokus ay nagmumula sa mataas na bahagi tungo sa ilalim.
6. *Low Angle Shot* – Ang kamera ay nasa bahaging ibaba, kaya ang anggulo o pokus ay nagmumula sa ibabang bahagi tungo sa itaas.
7. *Bird's-Eye View* – Maaari ding maging isang *aerial shot* na anggulo na nagmumula sa napakataas na bahagi at ang tingin ay nasa ibabang bahagi. Halimbawa nito ay ang senaryo ng buong karagatan at mga kabundukan na ang manonood ay tila isang ibong lumilipad sa himpapawid.
8. *Panning Shots* – Isang mabilis na pagkuha ng anggulo ng isang kamera upang masundan ang detalyeng kinukunan. Halimbawa nito ay ang kuha sa isang tumatakbong sasakyan o isang taong kumakaripas ng takbo.

Mula sa mga naunang gawain, nabatid natin na upang maging nakasisiya at mabisa ang isang dokumentaryong pampelikula, mahalagang isaalang-alang ang bawat kuha at anggulo ng kamera na tinatawag na *camera shots and angles* nito sapagkat lalo nitong pinagaganda ang *screenplay* ng isang *obra maestra*. Malaki rin ang bahaging ginagampanan nito sa emosyon, lalim at kakintalan, at ang magiging implikasyon ng isang dokumentaryo sa mga manonood nito.

178


**Pagtatasa: Kuha Ko, Hula Mo**

Matapos mong matutuhan ang iba't ibang uri ng anggulo at kuha ng kamera at ang kahalagahan nito sa pelikula, ngayon naman ay muli kang gumuhit sa papel ng ilan sa mga eksena mula sa mga napanood mong pelikula batay sa anggulo ng kamera na iyong natutuhan. Maaari ding gumupit ng mga larawan ng mga eksena sa pelikula mula sa magasin o pahayagan. Tukuyin lamang kung anong uri ng *camera shot* ang ipinakita at ang nais nitong ipahiwatig.

Uri ng Kuha: __________

Nais Ipahiwatig: __________

Uri ng Kuha: __________

Nais Ipahiwatig: __________

Uri ng Kuha: __________

Nais Ipahiwatig: __________

179

Kapansin-pansing ang pinagmumulang sitwasyon ng paglikha ng mga output sa Paglilipat ay naglalagay sa mga mag-aaral sa posisyon ng mga mas nakaaangat sa buhay (gitnang uri at mataas na uri). Ang danas na inilalahad bilang konteksto ng gawain ay danas ng mga taong may mayamang *cultural* at *social capital*. Nasa punto de bista ng

isang taong may mataas na katungkulan ang sitwasyong ipinahaharaya sa mga mag-aaral kagaya ng siping ito na makikita sa pahina 127:

> Isa sa nakatutulong upang mapasigla ang ekonomiya ng bansa ay ang pagpasok ng dolyar sa pamamagitan ng turismo. Marami ang nabibigyan ng trabaho. Kaya naman patuloy sa pagbuo ng iba't ibang programa ang Departamento ng Turismo upang higit na maipagmalaki ang kulturang Pilipino sa buong mundo. Naglalayon na hikayatin ang mga turista na balik-balikan ang Pilipinas dahil sa kagandahang taglay nito. Bilang tagapangulo ng departamento ng lokal na turismo sa iyong probinsiya, layunin mo na hikayatin ang mga turista na balik-balikan ang Pilipinas dahil sa ating pamanang kultural. Kaya ikaw ay naatasan na bumuo at itanghal ang isang video presentation na nagpapakita ng kultura ng Pilipinas na nagpapatunay na "It's More Fun in the Philippines." Sa nasabing presentasyon ay makikita ang kultura ng Pilipinas na nananatili, nabago at nawala na sa inyong probinsiya. Ang presentasyon ay batay sa sumusunod na pamantayan: a) batay sa pananaliksik; b) makatotohanan; c) orihinal; d) malikhain; e) may kaugnayan sa paksa; f) napapanahon; g) taglay ang elemento ng pagbuo ng isang video presentation.

Maraming implikasyon ang mahihinuha sa paraan kung paano inilalatag ang sitwasyong pagbabatayan ng mga gawain sa paglilipat. Una, binubuo sa kamalayan ng mga mag-aaral na kailangang may mataas na posisyon ka o nakaaangat ka sa lipunan upang makalikha ng mga makabuluhang proyekto. Dagdag pa rito, inaalis ang konsiderasyon sa realidad ng nakararaming mag-aaral sa pampublikong paaralan bilang bahagi ng hamon sa pagpapabuti ng lipunan. Sa halip na maging daan ang asignatura upang masolusyunan ang aktwal na problemang dinaranas sa komunidad, nakukulong lamang sa isang klase ng industriya lamang ang konsepto ng paglalapat o paglilipat ng mga kasanayan at kaalaman. Pangalawa, mahalaga ring makitang apektado ng akses ng mga mag-aaral sa resources ang posibleng kalabasan ng proyekto. May sapat bang oras ang mga mag-aaral upang gawin ang bawat bahagi ng proyekto? May sapat bang kagamitan ang mga mag-aaral upang gawin ang proyekto? Ano ang implikasyon ng kawalan o limitadong kagamitan sa paglikha ng gawaing ito? Pangkalahatan man ang nais saklawin ng proyektong ito, importanteng mabalikan pa rin ang pangkabuoang layunin ng kurikulum ng Filipino 8 na mahasa ang pambansang kamalayan. Mahalagang salik dito ang mabalikan ang danas at kalagayan ng mga mag-aaral.

**Kongklusyon: Ang Disenyo ng Politika**

Napalitaw sa pagsusuri sa estruktura, nilalaman, at mga gawain sa bawat aralin ang usapin ng kapangyarihan sa mekanismo ng produksiyon ng kaalaman sa teksbuk. Sinalamin ng pisikal na disenyo ng teksbuk ang kakulangan sa malalim na pag-unawa sa pambansang identidad. Sa kabila ng pagbalikwas ng teksbuk sa ilang detalye ng kurikulum, hindi naging malinaw sa mga elementong biswal ang tunguhing mabuo ang matatag na pagkakakilanlan sa sariling identidad. Sa halip na mapagyaman ang diskusyon, nalimitahan ang interaksiyon at nabigong samantalahin ang pagkakataong maipakilala sa mga espasyo ng pahina ang mga konsepto, anyo, at gabay sa pagpapakahulugan ng ilang susing konsepto.

Lumilihis naman ang pagkakadisenyo ng nilalaman sa layuning mabuo ang pambansang pagkakakilanlan. Mahalaga ang gampanin ng kaligirang pangkasaysayan upang maunawaan ang konteksto ng mga ipababasang teksto sa mga mag-aaral. Ngunit mas kumikiling sa kolonyal na kamalayan kaysa sa pambansang pagkakakilanlan ang latag ng kasaysayan sa bawat aralin. Naging kahinaan ang di maayos na pagpapakilala sa gampanin ng katutubo sa pagpapanatili ng yamang kultural ng bansa. Kahinaan ding maituturing ang pagkawala ng pakikibaka sa naratibo at ang unti-

unting pagtuon sa pampanitikang anyo sa naratibo ng kasaysayan. Nasala ang kamalayan sa halaga ng pakikibaka laban sa mapaniil na kolonyalismo at napalitan ito ng ideyang nagbibigay-diin sa "mabuting" impluwensiya ng nanakop sa bansa. Sa ganitong klase ng pambansang kamalayan, tinatanggalan ng bisa at halaga ang gampanin ng rebolusyon sa pagkamit ng kalayaang maaaring humantong sa mas pasibong mamamayang kumukiling ang aspirasyon sa paghahangad na maging katulad ng mga dayuhan.

Lumitaw naman ang usapin ng uri sa pagsusuri sa inaasahan sa mga gawain. Maliban sa kasanayan, nanghihingi rin ang mga gawain ng mga materyales at koneksiyong maaaring hindi taglay ng lahat ng mag-aaral. Sa paraan pa lamang ng pagkakakowd (*coding*) ng mga kaalaman, ipinapalagay nang maalam na ang mga mag-aaral sa kakailanganing kaalaman. Hindi naisakonteksto ang kasaysayan sa sitwasyon ng mga mag-aaral at walang pagpoproseso kung paano mas mapahahalagahan ang mga teksto at konteksto. Sa madaling sabi, nakadisenyo ang mga gawain upang magtagumpay ang mga mag-aaral na may sapat na resources at lalong napag-iiwanan ang mga mag-aaral na walang kagamitan at kaalaman. Lumabas na hinubog ang proseso ng pagkatuto upang pumabor sa gitnang uring nasa sentro sa kabila ng pagpapatupad nito sa pampublikong paaralang tumatanggap ng mag-aaral na may iba't ibang kontekstong pinagmulan.

Napalilitaw ang politika sa disenyo ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagsusuri sa kontrol ng produksiyon ng kaalaman. Maaaring para sa pagtuturo ng kasanayan ang tuon ng disenyo ngunit hindi maiaalis ang salik ng pagsasala ng impormasyon at pagbibigay ng pribilehiyo sa mga nakaaangat sa lipunan. Karagdagang pag-aaral pa sa pagsusuri ng kagamitan sa pagtuturo ang maaaring gawin lalo na sa iba pang Grado. Ngayong nagsusulong ng rebisyon ng kurikulum ang kasalukuyang pamunuan ng Departamento ng Edukasyon, magandang gawing pamantayan ang mga inilatag sa pag-aaral upang masuri kung naaabot nga ba ang lahat ng mag-aaral lalo na sa mga higit na nangangailangan.

**Sanggunian**


Almonte, S. A. (2003). National identity in moral education textbooks for high school students in the Philippines: A content analysis. *Asia Pacific Education Review, 4*(1), 19-26.

Anyon, J. (2017). Social class and the hidden curriculum of work. In A. Darder, R. D. Torres, & M. P. Baltodano (Eds.), *The Critical Pedagogy Reader* (3rd ed., pp. 135-153). Routledge Member of the Taylor and Francis Group.

Apple, M. W. (1990). *Ideology and curriculum* (2nd ed.). Routledge.

Apple, M. W. (2011). Whose markets, whose knowledge? In A. R. Sadovnik (Ed.), *Sociology of Education: A Critical Reader* (2nd ed., pp. 195-211). Routledge.

Apple, M. W. (2017). Cultural politics and the text. In A. Darder, R. D. Torres, & M. P. Baltodano (Eds.), *The Critical Pedagogy Reader* (3rd Ed, pp. 79-94). Routledge.

Baquiran, R. J. P. (2005). Ang pagsasadaigdig ng Indio ng siglo 19 sa Urbana at Feliza. In R. J. P. Baquiran (Ed.), *Pagsusulatan nang Dalawang Binibini na si Urbana at ni Feliza (pp. xi-xxi).* UP Sentro ng Wikang Filipino - Diliman.

Bernstein, B. (1975). *Class, Codes, and Control (Volume 3): Towards a Theory of Educational Transmission.* Routledge and Kegan Paul Ltd. https://people.bath.ac.uk/edspd/Weblinks/MA_CS/PDFs/Session 2/Bernstein volume 3 chapter 5.pdf

Bernstein, B. (2011). Class pedagogies: Visible and invisible. In A. R. Sadovnik (Ed.), *Sociology of Education: A Critical Reader* (1nd ed., pp. 115-132). Routledge.

Bola, A. B., Canlas, J. D., Cruz, J. A., Dasig, M. J. R., Enrijo, W. A., Francia, M. L., Gellecanao, J. O., Magpantay, R. C. S., Maniquis, A. B., Salum, R. T., & Villaverde, S. A. (2013). *Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral* (1st ed.). Department of Education.

Cayabyab, M. J. (2023, September 13). DepEd hit for rebranding of Marcos dictatorship. *The Philippine Star.* https://www.philstar.com/headlines/2023/09/13/2295879/deped-hit-rebranding-marcos-dictatorship

Freire, P. (1984). *Pedagogy of the oppressed* (M. B. Ramos (Trans.)). Continuum Publishing Corpotations.

Freire, P., & Macedo, D. (1987). *Literacy: Reading the Word and the World.* Bergin & Garvey Publishers, Inc.

Gealogo, F. A. (2007). History, colonialism, and textbooks. In B. Lumbera, R. Guillermo, & A. Alamon (Eds.), *Mula Tore Patungong Palengke* (pp. 227-256). IBON Philippines.

Genette, G., & Maclean, M. (1991). Introduction to the paratext. *New Literary History, 22*(2), 261-272. https://www.jstor.org/stable/469037

Giroux, H. A. (1987). Introduction: Literacy and the pedagogy of political empowerment. In *Literacy: Reading the Word and the World* (pp. 1-27). Bergin & Garvey Publishers, Inc.

Gramsci, A. (1971). *Selections from the Prison Notebooks* (Q. Hoare & G. N. Smith (Trans.)). International Publishers.

Jose, R. T. (1992). The Japanese occupation and Philippine culture: An overview. In G. V Barte (Ed.), *Panahon ng Hapon: Sining sa Digmaan, Digmaan sa Sining* (pp. 9-22). Sentrong Pangkultura ng Pilipinas.

Jurilla, P. M. B. (2003). What book? An introduction to the history of the book and prospects for Philippine literature. *Philippine Studies, 51*(4), 530-557. http://www.jstor.org/stable/42633671

Kagawaran ng Edukasyon. (2016). *K to 12 gabay sa gabay pangkurikulum-Filipino (Baitang 1-10).*

Lisovskaya, E., & Karpov, V. (1999). New ideologies in postcommunist Russian textbooks. *Comparative Education Review, 43*(4), 522-543. http://www.jstor.org/stable/1188806

Magahis, H. L. A. (2019). Panitikang mapagpalaya o mandaraya? Isang holistikong kritika sa kasalukuyang panitikang ginagamit sa pagtuturo ng Filipino sa baitang 7-10. *Dalumat E-Journal, 5*(1). https://ejournals.ph/article.php?id=13884

Mojares, R. B. (1983). *Origins and rise of the Filipino novel: A generic study of novel until 1940.* University of the Philippines Press.

Mulder, N. (1990). Philippine textbooks and the National Self-image. *Philippine Studies, 38*(1), 84–102. www.jstor.org/stable/42633165

Nadora, A. C. G. (2017). Pagbabalangkas ng gabay sa makabayang pagpili at pagbasa ng mga akdang gagamitin sa pagtuturo ng panitikan sa ikawalong baitang. *Alipato: A Journal of Basic Education, 8,* 39-52. http://journals.upd.edu.ph/index.php/ali/article/view/5780/5168

Navarro, R. C. (2007). *Kolonyal na Patakaran at ang Nagbabagong Kamalayang Filipino: Musika sa Publikong Paaralan sa Pilipinas 1898-1935.* Ateneo de Manila University Press.

O'keeffe, L. (2012). A framework for textbook analysis. *International Review of Contemporary Learning Research, 2*(1), 1-13. http://doi.org/10.12785/IRCLR/020101

Official Gazette. (n.d.). *What is K to 12 program?* https://www.officialgazette.gov.ph/k-12/

Ombay, G. (2023, September 11). DepEd exec confirms memo on removal of "Diktadurang Marcos." *GMA News Online.* https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/881793/deped-exec-confirms-memo-on-removal-of-diktadurang-marcos/story/

Romanowski, M. H. (2009). What you don't know can hurt you: Textbook omission and 9/11. *The Clearing House, 82*(6), 290-296. www.jstor.org/stable/20697881

Schueller, M. J. (2021). *Campaigns of knowledge: U.S. pedagogies of colonialism and occupation in the Philippines and Japan.* Ateneo de Manila University Press.

Second Congressional Commission on Education. (2024). *Miseducation: The failed system of Philippine education (EDCOM II Year One Report).*

Smith, P. (2005). Foreword. In United Nations Educational Scientific and Cultural Organization (Ed.), *Comprehensive Strategy for Textbook and Learning Materials.*

Valverde, G. A., Bianchi, L. J., Wolfe, R. G., Schmidt, W. H., & Houang, R. R. (2002). *According to the book: Using TIMSS to investigate the translation of policy into practice.* Springer Science + Business Media, LCC. https://link.springer.com/book/10.1007/978-94-007-0844-0

Young, M. F. D. (1971). Curricula, teaching and learning as the organization of knowledge: An approach to the study of curricula as socially organized knowledge. In M. F. D. Young (Ed.), *Knowledge and Control: New Direction for the Sociology of Education* (pp. 19-46). Collier-Macmillan Publishers.

**About the Author**

**Carlo C. Pineda** is currently teaching Filipino at the University of the Philippines Integrated School (UPIS). He finished Bachelor of Secondary Education major in Filipino, minor in Social Studies; and Master of Arts in Araling Pilipino at University of the Philippines Diliman. Before teaching at UPIS, he taught in both private and public schools in Quezon City and Makati respectively. He is interested in pursuing research on sociology of education, and improving pedagogy and Filipino instruction in the basic education curriculum.

Correspondence concerning this article should be addressed to Carlo C. Pineda at ccpineda2@up.edu.ph.